




| | | |
|---|--|------------------|
|  | TAMANG SAGOT (TS) | |
| | Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
| | Circular No. | 2021-0018 |
| Title | <u>Extension of Filing Period and Submission of Additional Requirements for SARS-CoV-2 Testing Benefit Packages</u> | |


| Tanong | Sagot |
|--|--|
| Ano ang basehan ng PhilHealth upang palawigin ang pagsusumite ng mga claims para sa SARS-CoV-2 testing? | Sa bisa ng Proclamation No. 1218 s. 2021 pinalawig ang state of national calamity sa buong bansa hanggang September 12, 2022. Dahil dito, ang PhilHealth sa pamamagitan ng PBR 2636 s. 2021, ay pinapalawig ang pagsusumite ng mga claims application mula sa mga accredited SARS-CoV-2 testing laboratories para sa mga nakolektang specimen na may petsa mula June 25, 2020 para sa RT-PCR test at July 23, 2020 para sa cartridge-based PCR tests hanggang September 12, 2021. |
| Ano-ano ang mga kundisyon upang makapagsumite ng claims ang mga accredited SARS-CoV-2 testing laboratories sa ilalim ng pinalawig na filing period? | <p>Ang mga sumusunod ay ang mga kundisyon upang makapagsumite ng claims ang mga accredited SARS-CoV-2 testing laboratories sa ilalim ng pinalawig na filing period:</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Ang mga claim para sa initial filing ay dapat isumite sa pamamagitan ng electronic claims (eClaims). Hindi pinapayagan ang pagsumite ng mga claim sa pamamagitan ng portable storage devices; b. Ang manually-filed claims at kasalukuyang natanggap na ng PhilHealth ngunit ibinalik sa health care facilities upang mapunan ang mga kakulangan na requirements ay maaaring isumiting muli sa PhilHealth; c. Ang mga claim na isinumite sa pamamagitan ng eClaims ngunit ibinalik sa health care facilities upang mapunan ang mga kakulangan na requirements ay maaaring isumiting muli sa PhilHealth gamit ang eClaims; at d. Ang mga denied claim dahil lamang sa late filing o refiling ngunit mayroong pending motions for reconsideration (MR) o appeal, ay bibigyan ng konsiderasyon o pagkakalooban ng appeal, kung kinakailangan. Ang claims ay maaring ibalik sa PhilHealth Regional Office upang iproseso at mabayaran. Subalit, ang mga denied claim na nasa ilalim ng MR o appeal sa iba pang kadahilanan bukod sa late filing/refiling ay ipoproseso batay sa umiiral na polisiya ng PhilHealth. |



| | | |
|---|--|---|
|  | TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
| | Circular No. | 2021-0018 |
| | Title | <u>Extension of Filing Period and Submission of Additional Requirements for SARS-CoV-2 Testing Benefit Packages</u> |

| | |
|---|---|
| Kasama ba ang mga directly filed claim sa pinalawig na filing period? | Ang mga kwalipikadong benepesyaryo ng PhilHealth na nabibilang sa mga identified subgroups of at-risk individuals (DOH Department Memorandum 2020-0258-A or its applicable amendments) na sumailalim sa pagsusuri gamit ang RT-PCR tests sa loob ng naaangkop na pinalawig na filing period, at hindi nakagamit ng benepisyong PhilHealth, ay maaring direktang magsumite ng kanilang claims sa PhilHealth Regional Offices o Local Health Insurance Offices kalakip ang kumpletong requirements at ito ay ipoproseso batay sa umiiral na polisiya ng PhilHealth. |
| Kailan magiging epektibo ang pagsusumite ng Certificate of Classification of At-risk Individuals and Actual Charges for SARS-CoV-2 Test ng mga accredited COVID-19 testing laboratory? | Ang Certificate of Classification of At-risk Individuals and Actual Charges for SARS-CoV-2 Test ay kailangan batay sa PhilHealth Circular Nos. 2021-0001 and 2021-0003, ngunit upang makapagbigay ng sapat na panahon sa mga pasilidad at makapaghanda sa requirements, pinalalawig ng PhilHealth ang pagpapatupad nito simula October 1, 2021. |


 Norman T. Capangnan, RN
 SIO II, BDRD


 Adeline A. Mesina, MD
 OIC-DC, BDRD

